

Pag-unawa sa Iyong Liham Galing FEMA

Release Date: Jan 31, 2023

Ang mga residente ng California na nag-aplay para sa tulong mula sa FEMA para sa mga kamakailang matitinding bagyo at pagbaha ay makakatanggap ng sulat ng pagpapasiya mula sa FEMA. Maaaring sabihin nito na hindi ka karapat-dapat para sa tulong, ngunit hindi iyon isang pagtanggì. Ang mga aplikante ay binibigyan ng dahilan para sa hindi pagiging karapat-dapat at sinabihan kung ano ang kailangan nilang gawin upang iapela ang desisyon. Kadalasan, kailangan lang nilang magpadala ng karagdagang impormasyon.

Basahing mabuti ang iyong liham galing FEMA

- Kung ikaw ay karapat-dapat para sa tulong ng FEMA, ang liham ay magsasaad ng halaga ng dolyar ng iyong gawad at kung paano dapat gamitin ang mga pondo. Kung ang iyong sulat ay nagsasaad na ikaw ay hindi karapat-dapat sa oras na ito, ang sulat ay magpapaliwanag kung bakit at sasabihin sa iyo kung paano mo maaaring iapela ang desisyong iyon.
- Minsan, hindi isinama ng mga aplikante ang mga dokumentong hinahanap ng FEMA at maaaring kailanganin na magbigay ng karagdagang impormasyon. Ang mga halimbawa ng nawawalang dokumentasyon ay maaaring patunay ng insurance coverage, kasunduan ng insurance claims, patunay ng pagkakakilanlan, patunay ng pagtira, patunay ng pagmamay-ari at/o patunay na ang nasirang ari-arian ay ang pangunahing tirahan ng aplikante.

Mayroon kang 60 Araw para Ipadala sa FEMA ang Iyong Apela

- Kung hindi ka sumasang-ayon sa desisyon ng FEMA tungkol sa kung karapat-dapat ka para sa tulong, o ang halaga ng tulong na iginawad sa iyo, maaari kang magpadala sa FEMA ng sulat ng apela at mga dokumentong sumusuporta sa iyong paghahabol.
- Ang pinakamahalagang bahagi ng proseso ng apela ay ang pag-alam sa iyong mga deadline. Magbilang ng 60 araw mula sa petsa ng iyong sulat sa pagpapasiya ng FEMA. Bilugan ang petsang iyon sa iyong kalendaryo para ipaalala sa iyo na ito na ang huling araw para ipadala sa FEMA ang iyong



FEMA

Page 1 of 3

apela. Tandaan na pagkatapos matanggap ng FEMA ang iyong sulat, maaari kang makatanggap ng isang tawag sa telepono o isang follow-up na sulat na humihingi ng karagdagang impormasyon.

Isama ang Ebidensya upang Suportahan ang Iyong Kahilingan sa Apela

Mahalagang isama ang mga dokumento o impormasyong hinihiling ng FEMA. Ang pagkakaroon ng mga tamang dokumento para sa bawat paghahabol ay nakakatulong sa FEMA na labanan ang panloloko at mga scam. Narito ang maaaring kailanganin mong isama sa iyong sulat ng apela:

- Isang kopya ng **liham ng pagpapasiya ng FEMA**.
- **Mga liham ng insurance:** Maaaring bigyan ka ng iyong kompanya ng insurance ng kaunting bahagi lamang ng kailangan mo sa pag-aayos ng iyong tahanan, hindi sapat upang matulungan kang makapasok sa ibang lugar, o hindi sapat upang palitan ang ilang partikular na ari-arian. Tandaan na, ayon sa batas, hindi ka mabibigyan ng FEMA ng grant para sa mga gastos na sakop na ng iyong kompanya ng seguro.
- **Patunay ng occupancy:** Isang kopya ng utility bill, lisensya sa pagmamaneho, lease o bank statement, dokumento ng lokal na paaralan, pagpaparehistro ng sasakyang de-motor o sulat ng employer. Ang lahat ay maaaring gamitin upang patunayan na ang nasirang bahay o rental ay ang iyong pangunahing tirahan. Ang ibig sabihin ng "Primary" ay nanirahan ka doon nang higit sa anim na buwan ng taon.
- **Patunay ng pagmamay-ari:** Mga dokumento ng mortgage o insurance; mga resibo ng buwis o isang kasulatan; mga resibo para sa malalaking pagkukumpuni o pagpapahusay mula noong 2016; isang liham para sa mobile home park o isang dokumento ng hukuman. Kung nawala o nasira ang iyong mga dokumento, mag-click sa www.usa.gov/replace-vital-documents para sa impormasyon kung paano papalitan ang mga ito.
- **Mga pagtatantya ng mga kontratista para sa pag-aayos ng bahay.**

I-mail, I-fax o I-upload ang Iyong Sulat ng Apela, at Huwag Kalimutang Pirmahan at I-date Ito

Mayroon kang 60 araw mula sa petsa sa iyong liham ng pagpapasiya ng FEMA para ipadala, i-fax o i-upload ang iyong apela kung gusto mong muling isaalang-alang ng FEMA ang unang desisyon nito. Lagdaan at lagyan ng petsa ang iyong



apela. At huwag kalimutang isama ang iyong siyam na digit na FEMA application number, ang iyong disaster number (**DR-4683-CA**), at mga dokumentong maipapakita mo bilang [patunay](#).

- **Mail:** FEMA National Processing Service Center, P.O. Box 10055, Hyattsville, MD 20782-8055
- **Fax:** 800-827-8112, Pansin: FEMA

Mag-set up ng disaster assistance account

- Ang isang madaling paraan upang magbigay ng anumang karagdagang impormasyon na kailangan ay ang mag-set up ng isang online na account at mag-upload ng mga dokumento doon. Upang mag-set up o mag-upload ng mga dokumento, pumunta sa www.DisasterAssistance.gov, i-click ang “Check Your Application and Log In” at sundin ang mga direksyon.

Ano ang Maaasahan Mo Pagkatapos Isumite ang Iyong Liham ng Apela

- Isinulat mo ang iyong apela at ipinadala ito sa FEMA sa loob ng 60 araw pagkatapos mong matanggap ang liham ng pagpapasiya ng FEMA. Ano ngayon? Maaari kang makatanggap ng tawag o liham mula sa FEMA na humihingi ng karagdagang impormasyon. O maaaring mag-iskedyul ang FEMA ng isa pang inspeksyon sa iyong pangunahing tahanan. Anuman ang kaso, sa sandaling nagpadala ka ng apela sa FEMA, maaari mong asahan ang isang sulat ng desisyon sa loob ng 90 araw pagkatapos matanggap ito ng FEMA.

Mayroon pa bang mga tanong tungkol sa iyong liham sa FEMA?

- Kung mayroon kang mga tanong tungkol sa iyong liham ng FEMA, tawagan ang **Helpline ng FEMA sa 800-621-3362**. Kung gumagamit ka ng video relay service (VRS), may caption na serbisyo sa telepono o iba pa, ibigay sa FEMA ang numero para sa serbisyong iyon. Available ang mga operator ng helpline mula **7 a.m. hanggang 11 p.m. araw-araw**. Pindutin ang 2 para sa Espanyol. Pindutin ang 3 para sa isang tagapagsalin na nagsasalita ng iyong wika.
- Maaari mo ring bisitahin ang anumang Disaster Recovery Center. [Maghanap ng isa dito: DRC Locator \(fema.gov\)](#).

